



GABAY SA PAGTATANIM NG ORGANIKONG PATATAS



PANGANGAILANGAN SA LUPA AT KLIMA

Itanim ang patatas sa lupang buhaghag na sagana sa organikong bagay at hindi tinitigilan ng tubig. Mainam ang pH na 5.2-6.4 para dito.

Kailangan ng malamig na klima sa pagtanim ng patatas. Makabubuti sa pagtubo ng halaman at pagkabuo ng mga bunga ang temperaturang 20-24oC. Sa malalamig na lugar kagaya ng Benguet at Bukidnon, itanim ito ng Marso-Abril at Oktubre-Nobyembre. Sa mabababang lugar naman, ang pagtanim ay maaaring gawin sa Nobyembre hanggang kalagitnaan ng Disyembre.

MGA REKOMENDADONG VARIETY

Ang mga binhing maaaring gamitin sa organikong pamamaraan ng pagtanim ay ang 304416, 303203, 306522, 303223, at 307521.



PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN

Araruhin at suyurin ang taniman ng 2 beses upang maging buhaghag ang lupa. Gumawa ng mga kamang taniman na may lapad na 1 m at haba na 10 m o depende sa laki ng taniman. Lagyan ang mga ito ng compost sa dami na 2.5 kg kada 5 metro kuwadrado.



Ang patatas (*Solanum tuberosum L.*) ang pang-apat sa mga pangunahing pagkain sa mundo kasunod ng mais, trigo, at palay. Sa ibang bansa, ito ang pinakamahalagang pagkain sapagkat sagana ito sa carbohydrates, phosphorus, calcium, at ascorbic acid. Ang itinuturing bunga ng patatas ay mga malalamang tangkay nito na nasa ilalim ng lupa. Maaari itong ilaga, iprito, o gawing sahog ng nilutong pagkain.



PAGPUPUNLA

Maaaring gawin ang pagtanim sa isang hanay o dalawang hanay. Para sa mga patag na lugar, ang pagtanim sa isang hanay ang ginagawa. Gumawa ng mga tudling na may pagitan na 75 cm at maghukay ng mga butas sa bawat tudling na may pagitan na 30 cm. Sa pagtanim sa dalawang hanay, ang lapad ng mga kamang taniman ay 1 m at maglagay ng pagitan na 50 cm sa bawat kamang taniman.

Maglagay ng binulok na dumi ng hayop sa bawat butas/tundos at takpan ito ng manipis na lupa saka ilagay ang mga binhi. Takpan ang mga ito ng lupa na 5 cm ang kapal.



PANGANGALAGA

Maglagay ng kompost sa dami na 2.5 kg kada 5 metro kuwadrado 30 araw matapos ang pagtanim.

Diligan ang taniman ng 2 beses sa isang araw sa loob ng isang linggo pagkatanim. Simula ikalawang linggo, maaaring bawasan ang dalas ng pagdidilig sa 2-3 beses kada linggo. Gawin ito hanggang ang mga halaman ay puwede ng anihin.



PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON:

Mag-text sa PhilRice text center 0920-911-1398

Bitatahin ang Pinoy Rice Knowledge Bank www.pinoyrice.com

rice_matters (twitter) | rice.matters (facebook)





PAMAMAHALA SA SAKIT AT PESTE

Ang mga karaniwang peste ng patatas ay uod, thrips, leaf miner, paru-paro. Mag-spray ng Nuclear Polyhydrosis Virus (NPV) bago mag takipsilim para sa uod. Magtanim din ng sibuyas, amarilyo, mais, zinnia, at cosmos sa paligid upang maitaboy ang mga uod at thrips at mahimuk ang pagdami ng kaibigang kulisap. Maglagay ng bitag na kulay dilaw sa pagitan ng mga kamang taniman para sa leaf miner. Ang pagbubungkal at pagtataas naman ng lupa ang maaaring gawin para sa mga paru-paro.

Ang maaga at huling pagkamatay dulot ng fungus at pagkalanta sanhi ng bakterya ang mga kadalasang sakit ng patatas. Gumamit ng mga binhing malinis at may panlaban sa mga sakit upang maiwasan ang mga ito. Panatilihin tuyo ang mga dahon at tanggalin at sunugin ang mga halaman na tinamaan ng sakit. Mainam din na magtanim ng ibang uri ng panamin sa mga susunod na panahon ng taniman.



Pagkalanta ng halaman (kaliwa) at paghulas ng katas (kanan) sanhi ng bakterya



Magulang na Leaf miner



Epekto ng Leaf miner sa dahon



PAG-AANI

Anihin ang patatas kung kulay dilaw na ang mga dahon ng halaman o kung patay na ang mga baging nito. Para mapadali ang pag-ani, tanggalin ang mga baging 2 linggo bago bungkalin ang mga patatas. Iwasang magasgas o masugatan ang mga ito upang hindi kapitan ng sakit.

Gawin ang pag-aani kung may araw at tuyo ang taniman. Huwag paarawan ang mga nabungkal na patatas upang maiwasan ang pagbeberde.



Pag-aani ng patatas.

MGA PINAGHALAWAN

TANTOWIJOYO W, van de FLIERT E. 2006. In: WIDAGDO H, KETELAAR JW (Editor). All about potatoes: An Ecological Guide to Potato Integrated Crop Management. International Potato Center & FAO. 82 p.

TAD-AWAN BA, BASQUIAL DA, ORLANG J. Potato Organic Production Guide (Pulyeto). Benguet State University (BSU).

[DOST-PCARRD] Department of Science and Technology-Philippine Council for Agriculture, Forestry and Natural Resources Research and Development. 2008. Potato Production Guide (Pulyeto). Information Bulletin No. 272.

Shanhua, Taiwan. AVRDC Publication No.09-729. 64 p.

MGA LARAWAN

www.da-club.ru

www.dailymail.co.uk

Tantowijoyo W, van de Fiert E. 2006